

**Pahayag ng Pagkakaintindi:
 Pagsusuri ng Panggitnang-Sertipikasyon
 Statement of Understanding: Mid-Certification Review**



Upang patuloy na makatanggap ng cash o tulong sa pagkain, dapat mong kumpletuhin ang isang Mid-Certification Review. May tatlong paraan para sa iyo upang kumpletuhin ang iyong pagsusuri:

1. Sa telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-501-2233.
2. Sa pamamagitan ng pagkumpleto sa form na DSHS 14-467 at
 - I-fax ito sa amin sa 1-888-338-7410; o
 - Ipadala ito sa amin sa PO BOX 11699, TACOMA WA 98411.
3. Sa pamamagitan ng pagpunta sa iyong kasalukuyang kalagayan na kasama kami sa lokal na opisina, paglagda, at paglagay ng petsa ng form na ito.

Ano ang dapat mong iulat sa iyong Mid-Certification Review:

- Ang pagbabago ng address at mga gastos sa iyong tirahan sa isang bagong address.
- Pagbabago sa kung sino ang nakatira sa iyong sambahayan.
- Mga pagbabago sa kita ng iyong sambahayan mula sa **anumang pinagmulan**. Kabilang dito ang kita mula sa pagtatrabaho, kabayaran sa pagkawala ng trabaho, social security, Pagawaan at Industriya, at suporta sa bata.
- Pagbabago sa anumang suporta sa bata na legal na iniaatas sa iyo na bayaran para sa isang bata na hindi mo kasama sa iyong tirahan.
- Kung wala kang mga anak sa iyong sambahayan, at ang oras ng trabaho ng isang maayos na tao ay mas mababa sa 20 oras sa isang linggo.

Basahing mabuti at lagdaan bago ibalik ang form na ito:

- Naiintindihan ko na kinakailangan ako ng mga alituntunin ng DSHS na kumpletuhin ang Mid-Certification Review na ito at sabihin sa DSHS ang tungkol sa mga pagbabago sa kalagayan ng aking sambahayan ayon sa WAC 388-418-0005 at WAC 388-418-0011.
- Naiintindihan ko na isang krimen para sa akin ang pagsinungaling upang makakuha ng mga benepisyo sa salapi o pagkain. Naiintindihan ko rin na isa itong krimen kung hindi ko sabihin sa DSHS ang isang bagay na alam kong kailangan kong iulat.
- Naiintindihan ko na kung magbigay ako ng impormasyong alam kong mali, maaari akong ihabla sa isang krimen.
- Naiintindihan ko na ang mga parusa para sa paglabag sa mga panuntunan sa tulong ng pagkain ay kinabibilangan ng pagkawala ng karapatan sa pagtanggap ng tulong sa pagkain, mga multa, o pagkabilanggo.
- Naiintindihan ko na kung hindi ako magbigay ng katibayan ng mga pagbabago na maaaring magdagdag ng aking mga benepisyo, hindi gagamitin ng DSHS ang mga pagbabagong ito upang matukoy ang aking mga benepisyo.
- Naiintindihan ko na maaaring makaapekto sa aking mga benepisyo kung ano ang sinabi ko sa departamento sa ulat na ito.
- Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na totoo at tama sa abot ng aking kaalaman ang impormasyon na sinabi ko sa DSHS sa ulat na ito.

LAGDA	PETSA	NAKALIMBAG NA PANGALAN	ID NUMBER NG KLIYENTE
-------	-------	------------------------	-----------------------

